# Ako ay magiging mabuti at masunurin!

## PAGPAPAHALAGA

**Pag-asa, Pagtanggap, Kababaang-loob**

## SITWASYON NG BUHAY

Mga maaaring pagpilian—

- Isang batang pinangakuan na may matatanggap na gantimpala kung mataas ang markang makuha.
- Naghihintay ng pasalubong na laruan mula sa kamag-anak na galing sa ibang bansa ngunit walang dumating.
- Isang batang pinangakuan na ipapasyal sa Enchanted Kingdom ngunit hindi natupad dahil nagkasakit ang magpapasyal sa kanya.
- Madaling mawalan ng pag-asa lalo na kung hindi nakakamit ang nais niyang makamtan.

**Salita ng Diyos:** *Lu 3:15-16, 21-22*

15 "Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng
Mesiyas at ang akala ng marami'y si Juan ang kanilang hinihintay.
16 Kaya't sinabi ni Juan sa kanila, Binautismuhan ko kayo sa tubig,
ngunit ang darating na kasunod ko ang magbabautismo sa inyo sa
Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa sa akin, at
ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak.
21 Nabautismuhan na noon ang lahat ng tao, gayon din si Hesus.
Nang siya'y nananalangin, nabuksan ang langit 22 at bumaba sa
kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati. At isang tinig mula sa
langit ang nagsabi,"Ikaw ang minamahal kong Anak, lubos kitang
kinalulugdan."

- *Sino ang inaakalang Mesiyas na hinihintay ng marami? (t.15)*
- *Ano ang sinabi ni Juan sa kanila tungkol sa tunay na Mesiyas? ( t.16)*
- *Ano ang sinasabi ng isang tinig mula sa langit? (t. 22)*
- *Sino ang tinutukoy na "Anak" ng tinig mula sa langit? Sino ang inaakalang Mesiyas na hinihintay ng marami? (t.15)*

## PAG-UUGNAY

Nakalulungkot kung ang mga ipinangako sa atin ay hindi natutupad. Ngunit walang mapaglalagyan naman ang ating kasiyahan at pasasalamat kung ito ay natutupad.

Sa ating pagbasa ngayon, makikilala natin si Hesus, ang ipinangakong pag-asa ng sangkatauhan. Tutuparin ni Hesus ang tungkuling iniatas sa kanya nang may kababaang-loob at puno ng pagmamahal para sa lahat.

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

### Katotohanan

Ipinakilala ng Diyos Ama ang kanyang bugtong na Anak na si Hesus bilang Tagapagligtas nating lahat. Sa pamamagitan ni Hesus, dadaloy ang pagmamahal ng Diyos sa atin at mapupuno tayo ng pag-asa na laging makasama ang Diyos sa ating paglaki bilang kanyang mga anak. Ito ang misyong tinanggap ni Hesus sa araw ng kanyang binyag (KIK 535-537, KPK 504-505).

### Pagsasabuhay

Ang paggawa ng kabutihan sa kapwa, sa ating mga magulang, kapatid, kalaro, at kamag-aral ay pagpapatunay na ating tinutularan si Hesus sa kanyang pagtupad sa misyong iniatas ng Diyos Ama sa kanya (KIK 535, 1223).

### Pagsamba

Sa Sakramento ng Binyag tinanggap din natin ang tungkuling maging isang mabuting anak ng Diyos tulad ni Hesus. Kaisa tayo ni Hesus sa kanyang pagiging masunurin sa kalooban ng Diyos (KIK 1223-1225).

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

❉ Sa aking kagustuhang maging tulad ni Hesus sa kanyang paggalang at pagsunod kina Jose at Maria at sa Diyos Ama, ano ang aking gagawin upang manatili akong magiliw sa aking pagsunod at pagtupad sa kanilang inuutos?

❉ *Gawain* – Maaaring magpagawa ng isang *Greeting Card* sa mga bata. Ipasulat doon ang kanilang pasasalamat sa kanilang mga magulang. Ipadikit ang ginawang *Greeting Card* sa lugar na madaling makikita ng kanilang Nanay at Tatay. Maaari din naman silang magbigay ng bulaklak kalakip ang isang maliit na *gift tag* na naglalaman ng kanilang pasasalamat. Mas mainam kung maiiaabot ang mga ito sa Misa sa Pag-aalay.

## PAGDIRIWANG

❉ Misang Pambata

Isasaulo –

**Ang "po" at "opo" lagi kong tatandaan bilang paggalang!**

**504.** Ang pananampalatayang Kristiyano ay tatayo o babagsak sa pagkilala na si Hesus ang bukod-tanging Anak ng Diyos, ang ating Panginoon *(Tingnan CCC, 441-50).* Binibigyang-batayan ng Banal na Kasulatan ang pagpapatotoo na ito sa dalawang paraan. Una, si Hesus bilang walang pinagmula't walang hanggang Salita ng Diyos na bumaba upang akuin ang kalikasang-tao sa Pagkakatawang-tao. "Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan. Tinanggap niya mula sa Ama ang kapangyarihan at kadakilaang ito bilang bugtong na Anak" *(Jn 1:14; Tingnan CCC, 461-63).*

Ikalawa, "itinaas" si Jesus sa Pasko ng Pagkabuhay. "Itong si Hesus ay muling binuhay ng Diyos at, saksi kaming lahat sa bagay na ito. Nang itaas siya sa kanan ng Diyos. . . dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus – siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo" *(Gw 2: 32-33, 36).*

Itong dalawang landas ay nauuwi kay Jesu-Kristo, iisang persona na taong totoo at Diyos na totoo.

**505.** Ipinapahayag ng dalawang dakilang awit ng Bagong Tipan ang panghabang-panahong pagka-Diyos ni Kristo. Ang una'y nasa sulat ni Pablo sa mga taga-Filipos, kung saan inuulit niya ang isang Salmoing pang-binyag na ginagamit na noon pa mang panahon ng sinaunang simbahan. Sinasaklaw ng Salmo ang tatlong kalagayan ni Hesus. Una'y ang kanyang naunang pag-iral na makalangit: "Bagamat siya'y Diyos, hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos" *(Fil 2:6).*

Ikalawa, ang kanyang kalagayang makalupa. "Hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin... siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus" *(Fil 2:7-8).*

At ikatlo, ang kanyang pagkakatampok: "Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupat ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. At ipapahayag ng lahat na si Hesukristo ang Panginoon sa ikararangal ng Diyos Ama!" *(Fil 2:9-11).*